

Ang Ama

Ni Mauro R. Avena

Si Mui Mui, isang batang may sakiting pangangatawan, ay madalas na umiiyak dahil sa kanyang mga karamdaman. Siya ang bunsong anak sa isang pamilya na naninirahan sa isang munting baryo. Dahil sa kanyang kalagayan, labis siyang iniingatan ng kanyang mga magulang at kapatid.

Ang kanilang ama, na dating isang mabuting tao, ay unti-unting naging masama ang ugali dahil sa labis na pag-inom ng alak. Dahil dito, siya ay nagiging marahas at magaspang, lalo na sa kanyang asawa at mga anak. Sa kabila ng kanyang pagiging lasenggo, mahal pa rin siya ng kanyang pamilya at inaasahan nilang magbabago pa ito.

Isang gabi, habang nasa kalagitnaan ng pag-iinom ang ama, narinig niyang umiiyak si Mui Mui. Hindi na siya nakapagpigil at pinagalitan ang bata. Sa sobrang galit, sinaktan niya si Mui Mui nang hindi iniisip ang kalagayan ng bata. Kinabukasan, natagpuan na lamang nilang patay na si Mui Mui.

Lubos na dinamdam ng ama ang nangyari. Nagsisi siya nang husto sa kanyang nagawa, at sinubukan niyang humingi ng tawad sa kanyang pamilya. Subalit, ang mga sugat sa puso ng kanyang mga anak at asawa ay masyadong malalim para madaling maghilom. Ang ama, na ngayon ay lulong sa pagsisisi, ay kinailangan harapin ang katotohanan na ang kanyang mga gawa ay nagdala ng trahedya sa kanilang pamilya.